

Garantisadong Karanasan para sa mga Freshman: Career Expo at Pagbisita sa UAA

Porma ng Pahintulot sa Field Trip ng Magulang ng Anchorage School District at Awtorisasyon para sa Agarang Medikal na Paggamot

Bilang bahagi ng mga Akademya ng Anchorage, ang mga papasok na mag-aaral sa unang taon ay lalahok sa Pagkilala sa mga Oportunidad sa Kolehiyo at Karera, at Personal na Pananalapi sa panahon ng taglagas na semestre, isang mahusay na pagpapakilala sa mataas na paaralan at kung paano simulan ang pag-iisip tungkol sa kung ano ang susunod. Ang mga garantisadong karanasan ay kinabibilangan ng:

- Eksposisyon sa Mga Karera
- Pagbisita sa Unibersidad ng Alaska Anchorage (UAA).

Ang pahintulot ng magulang/tagapag-alaga ay kinakailangan para sa mga mag-aaral na dumalo sa mga kaganapan sa itaas.

Oo - Ako ay nagbibigay ng pahintulot para sa aking mag-aaral na dumalo sa mga sumusunod na kaganapan:

- Eksposisyon sa Mga Karera ng Mag-aaral sa Unang Taon sa Dena'ina Center
- Pagbisita sa Unibersidad ng Mag-aaral sa Unang Taon sa Unibersidad ng Alaska - Anchorage

Naiintindihan ko na siya ay bibiyahe papunta sa mga gampanin sa pamamagitan ng bus. Ang pangangasiwa at pagbabantay ay ibibigay ng Distrito ng Paaralan ng Anchorage.

Naiintindihan ko na dapat kong tiyakin na ang mga pang-emerhensiyang kontak ng aking mga mag-aaral ay napapanahon, dahil ang kasalukuyang impormasyon sa pakikipag-ugnayan ay kinakailangan sa panahon ng lakbay-aral.

Sumasang-ayon ako sa anumang pang-emerhensiyang transportasyon, medikal na paggamot, pangangalaga o pagpapaospital na itinuturing na kinakailangan para sa kapakanan ng aking mag-aaral ng isang medikal na propesyonal o pasilidad ng medikal kung sakaling magkaroon ng pinsala o karamdaman habang ang aking mag-aaral ay nakikilahok sa nabanggit na aktibidad. Naiintindihan ko na ang distrito ay walang pananagutan o gastos para sa naturang pang-emerhensiyang transportasyon at medikal na paggamot. Nauunawaan ko/namin na ang saklaw ng paseguro ay aking responsibilidad.

Naiintindihan ko na ang Distrito ay hindi nagbibigay sa mga mag-aaral ng paseguro sa aksidente, gayunpaman, ang paseguro sa aksidente ng mag-aaral ay maaaring bilhin nang hiwalay para sa paunang pagsasaklaw o upang madagdagan ang pribadong saklaw.

Hindi - HINDI ako nagbibigay ng pahintulot para sa aking mag-aaral na dumalo sa mga sumusunod na kaganapan:

- Eksposisyon sa Mga Karera ng Mag-aaral sa Unang Taon sa Dena'ina Center
- Pagbisita sa Unibersidad ng Mag-aaral sa Unang Taon sa Unibersidad ng Alaska - Anchorage

Pangalan ng Mag-aaral: _____ Baitang:

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga: _____ Petsa:
